ACTIVITY

A. Isaayos ang mga letra upang makilala ang mga salitang inilalarawan.

AANNAC → _____
- Lugar na tinirahan nila Abraham matapos lisanin ang tahanan ng ama

RAAS → _____
- Asawa ni Abraham, naging ina ng maraming bansa

AAAMBRH → _____
- Nakinig at sumunod sa utos ng Diyos, naging ama ng maraming bansa

OTL → _____
- Pamangkin ni Abraham na sumama sa kanya

DNMIAIAP → _____
- Ginawa ng Diyos sa mga ari-arian ni Abraham

AANTWA → _____
- Naging reaksyon ni Sara matapos na marinig na siya ay magdadalang-tao bagamat matanda na

TPTAA → _____
- Ang Diyos ay _____ sa Kanyang pangako

AACSI → _____
- Tagapagmana ni Abraham

TIBUIN → _____
- Dami (kasingdami) ng magiging lahi ni Abraham

YDSOI → _____
- Nagpala sa buhay nila Abraham at Sara

B. Sagutin ang mga tanong.

- Anong mga katangian ng Diyos ang makikita mo sa nabasang kuwento?

  _____

  _____

- Sa paanong paraan ipinakita ni Abraham ang kanyang pagtitiwala sa Diyos?

  _____

  _____

- Naging madali ba kay Sara na maniwala sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaanak? Bakit mo nasabi ito?

  _____

  _____

- Anong mahalagang bagay ang natutuhan mo sa kuwentong nabasa?

  _____

  _____

Matanda na sila Abraham at Sara nang ipanganak si Isaac. Si Abaraham ay 100 years old habang si Sara naman ay 90 years old. Kung iisipin ay talaga namang imposible na magkaanak pa ang mag-asawang may katandaan. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan, walang imposible sa Kanya. Ang pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos ay minsan mahirap lalo na kung pang-unawa lamang natin ang ating aasahan. Kaya naman napakahalaga na kilalanin Siya ng lubos upang mapagtiwalaan at mapanghawakan ng may pananampalataya ang Kanyang mga salita.

C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Sina Jacob at Benjie ay mag-bestfiends. Araw-araw silang sabay pumasok at umuwi ng paaralan. Sa tuwing tatawid sila ng kalye ay naghihintay sila na makita ang *walk signal* bago sila tumawid. Sa tuwing hindi pa naka-ilaw ang *walk signal* hindi sila tumatawid kahit wala pang

sasakyan na dumadaan. Paalala din sa kanila na huwag tatawid kung saan-saan at dun lang tumawid sa *pedestrian lane*. Ang paalala na ito na mula sa kanilang magulang ay hindi kinakalimutan ng magkaibigan.

Minsang papasok sila ay nakasabay nila sa pagpasok ang isa pang kamag-aral.

Benjie: "Hi Mico! Tara sabay ka na sa amin ni Jacob."

Mico: "Sige sabay na tayo. Uy walang kotse, tara tawid na tayo dito."

Jacob: "Naku 'wag! Tiis na lang, konting lakad na lang at makakarating na tayo sa tawiran."

Mico: "Huh, sayang naman. Wala naman sasakyan. At least konti na lang lalakarin natin."

Benjie: "Mas safe tayo kapag sa *pedestrian lane* tayo tumawid."

Nang makarating na sa tawiran, tumigil ang magkaibigan habang si Mico naman ay nagmamadaling makatawid. Buti na lang ay napigilan siya ng magkaibigan.

Jacob: "Mico saglit, hindi pa tayo dapat tumawid. Hindi pa naka-ilaw yung walk signal. Konting hintay lang at makakatawid rin tayo ng ligtas."

Buti na lang ay napigil nila ang kamag-aral kung hindi ay baka nahagip ito ng motorsiklong mabilis ang takbo.

Mico: "Naku salamat Jacob at Benjie. Hindi ko na gagawin ulit yung sarili kong paraan ng pagtawid. Kamuntik na ako masagasaan."

Jacob at Benjie: "Walang anuman."

Masaya at ligtas na nakarating ng paaralan ang tatlong bata.

Mga tanong:

- Anong mga magandang kaugalian nila Jacob at Benjie ang maaari mong tularan?

_____

_____

- Ano namang ugali ni Mico ang hindi dapat gayahin?

_____

Ang mga batang tulad natin ay dapat matutong tularan sila Benjie at Jacob. Mahalaga na makinig at sumunod sa mga paalala ng ating magulang. Huwag tayong gumawa ng sariling paraan natin sa mga bagay-bagay kahit nakakainip nang maghintay. Ang pakikinig at pagsunod sa magulang, ganun din ang matutong maghintay ng tamang panahon sa mga gawain ay mga ugaling dapat nating pagsumikapan na matutuhan at gawin. Ito ang makakapag-iwas sa atin sa kapahamakan.

D. Memory Verse

Sinabi ng Panginooon, "Ang pag-iisip Ko ay hindi katulad ng pag-iisip ninyo at ang pamamaraan Ko ay hindi katulad ng pamamaraan ninyo. Kung gaano kalayo ang langit sa lupa, ganun din kalayo ang Aking pamamaraan at pag-iisip kaysa sa inyo." Isaias 55:8-9